

## Umiiral at mga planong hakbang sa pagsulong ng pagkakapantay-pantay ng mga lahi

### Komisyon ng Kompetisyon

Ang Komisyon ng Kompetisyon (ang Komisyon) ay isang independiyenteng katawan ng batas na itinatag sa ilalim ng Ordinansa ng Kompetisyon (Cap. 619) (ang Ordinansa). Tungkulin ng Komisyon na itaguyod ang isang mapagkumpitensyang lipunan na naaangkop sa malayang daloy ng kalakalan, kahusayan at inobasyon, kung kaya't nagdadala ng mas maraming mga pagpipilian at mas mahusay na kalidad at presyo ng mga kalakal at serbisyo sa mga mamimili. Labis ang pagpapahalaga ng Komisyon sa pagtiyak ng pantay na pag-abot sa mga serbisyo nito ng lahat ng mga miyembro ng publiko, anuman ang kanilang pinagmulang lahi.

#### (A) Mga Reklamo mula sa Publiko

Mga Kaugnay na Serbisyo      Magbigay-daan sa publiko upang makapagreklamo upang matukoy ng komisyon ang mga posibleng paglabag sa Ordinansa.

Mga Umiiral na Panukala      Ang sinumang tao na nais gumawa ng reklamo ay maaaring makipag-ugnayan sa Komisyon sa pamamagitan ng telepono / sulat / email / online na reklamo / sa personal (sa pamamagitan lamang ng pagtatakda ng oras).

Ang Tsino at / o Ingles ay maaaring gamitin sa mga paraan sa itaas.

Ang mga serbisyo sa wika ay isasaayos kung saan kinakailangan at angkop.

Pagtatasasa ng Gawain sa Hinaharap Panapanahong Susuriin ng Komisyon ang mga hakbang sa itaas upang matugunan ang mga pangangailangan ng publiko.

Mga Ginawang Karagdagang Panukala/ Gagawin Kokolektahin ng Komisyon ang mga impormasyong ukol sa "pangangailangan para sa serbisyong interpretasyon / pagsasalin" at "piniling wika" ng mga tagagamit ng serbisyo na nangangailangan ng mga serbisyo ng interpretasyon / pagsasalin upang masuri ang epekto ng aming mga patakaran at hakbang sa pagkakapantay-pantay ng lahi, at upang maipagpatuloy ang pagpapabuti ng serbisyong ipinagkaloob.

#### (B) Pagtataguyod ng Ordinansa sa Kompetisyon

Hinggil sa mga Serbisyo Upang maisakatuparan ang mga kampanya sa edukasyon sa publiko at iba pang mga inisyatibo upang maitaguyod ang pang-unawa ng publiko tungkol sa halaga ng kumpetisyon at kung paano itinataguyod ng Ordinansa ang kompetisyon.

Mga Umiiral na Panukala Ang mga kagamitang pang-edukasyon (tulad ng mga video, miklat, polyeto at patnubay) at impormasyon ng mga kampanya ay ibinibigay sa Tsino at Ingles

Ang mga seminar at pagpupulong sa Ordinansa ay isinaayos sa Kantones at Ingles. Ang serbisyong magkakasabay na interpretasyon ay isasaayos kung kinakailangan at naaangkop.

Ang impormasyon tulad ng batas at gabay, konsultasyon at mga rehistro ng publiko, atbp ay magagamit sa Tsino at Ingles sa website ng Komisyon.

Pagtatasasa Regular na susuriin ng Komisyon ang mga hakbang sa

Hinaharap na itaas at paghuhusayan ang mga ito kung kinakailangan.  
Gawain

(C) Pagsasanay sa mga Kawani

Hinggil sa mga Magbibigay ng pagsasanay sa mga kawani ng  
Serbisyo Komisyon

Mga Umiiral na Ang mga kawani ng Kagawaran ng Yamang Tao ay  
Panukala karaniwang dumadalo sa pagsasanay sa mga isyu ng  
diskriminasyon sa lahi upang mapahusay ang kanilang  
pag-unawa sa mga isyu na may kinalaman sa lahi sa  
trabaho.

Pagtatasasa Ang Komisyon ay regular na susuriin at magsisiyasat ng  
Hinaharap na patakaran sa pagsasanay upang maisulong ang  
Gawain pagkakapantay-pantay ng lahi sa lugar ng trabaho.

Mga Ginawang Ang Komisyon ay makikipag- ugnayan sa Komisyon sa  
Karagdagang Pagkakapantay- pantay ng Oportunidad o iba pang mga  
Panukala/ di-pampamahalaang organisasyon para sa tulong sa  
Gagawin pagbibigay ng angkop na pagsasanay sa mga isyu na  
may kaugnayan sa lahi sa lahat ng mga kawani ng  
Komisyon upang palakasin ang kanilang pag-unawa sa  
mga isyu ng diskriminasyon sa lahi sa trabaho.

Hinihikayat at hinihirang ng Komisyon ang mga  
miyembro ng kawani na dumalo sa pagsasanay sa mga  
isyu sa kamalayan at pagkakaiba-iba ng kultura sa isang  
regular na batayan upang mapahusay ang pag-unawa sa  
kawani ng mga tao mula sa iba't ibang lahi at kultura at  
upang mapahusay ang aming mga serbisyo upang

matugunan ang kanilang mga pangangailangan. Ang mga naaangkop na impormasyon ay karaniwang maa-upload sa intranet para sa pagsasangguni ng mga kawani.

Para sa mga katanungan, mangyaring makipag-ugnay sa Opisyal ng Pamamahala sa pamamagitan ng mga sumusunod na pamamaraan -

Telepono: 3462 2118

Fax: 2522 4997

Email: [enquiry@compcomm.hk](mailto:enquiry@compcomm.hk)

Adres sa Koreo: 19/F, South Island Place, 8 Wong Chuk Hang Road,  
Wong Chuk Hang, Hong Kong

**Komisyon ng Kompetisyon (Competition Commission)**  
**Mayo 2023**